



Noong ika-17 ng Pebrero 2016, idinaos ang talakayang '*Tanghal Ayta? Representasyon ng IP sa Panturistang Pagtatanghal*" sa pakikipagtulungan ng UGAT at ng Departamento ng Antropolohiya ng Unibersidad ng Pilipinas.

Binuksan ang palatuntunan ni Prop. Soledad Dalisay, Tagapangulo ng Departamento ng Antropolohiya, sa pagpapaalala tungkol sa konteksto ng pagiging katutubo ngayong panahon ng globalisasyon, kung saan mas madalas nang nilalapitan ng '*tourist gaze'* o pananaw ng dayo sa lupang di kinagisnan, kasama na ng kapwa Filipino na may interes sa 'ating kulturang Pilipino'. Nagsalita rin ang Dekana Grace Aguiling-Dalisay ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, banggit ang programa sa indihenisasyon at Philippine Studies ng kolehiyo.

Sa paunang pagbabahagi ni Prop. Mary Racelis, isinalaysay niya na ang nakapansin sa kakaibang pagsasayaw ng mga Ayta para sa mga turista ay ang mga community-organizer at antropolohista na nagtratrabaho sa ilang komunidad ng Ayta; sila'y sumulat rin kay Hiromu Shimizu [antropolohistang Hapon at mananaliksik sa mga Ayta] tungkol dito. Nang

napanood ni Prop. Racelis ang video ng pagsasayaw sa YouTube (Pampanga Talents 2013), ang mga katanungan na nakabahala sa kanyang isip ay: ‘Tunay’ ba ito? Batay ba sa sariling pinahahalagahan? at, Sino ang dapat na tumugon sa isyu ng pagtatanghal ng kulturang Ayta? Ang pinakamabuti ay mapakinggan ang mga Ayta.

Ipinalabas ang “[Zoo]ming In”, isang 6-na-minutong video bilang di-gradwadong tesis sa Broadcast Communication sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman ni Bb. Camille Himala. Kapansin-pansin dito ang tambalan ng mga hayop, halimbawa’y unggoy na nakadamit, mga kambing atbp., na may hiwalay na bilang sa tanghalan bago ang sumasayaw na Ayta. May naratibo tungkol sa mga Ayta bilang sinaunang naninirahan doon bago naging *military base* ng mga Amerikano ang lugar. May babaing Ayta na gumanap sa papel na “reyna” at namagitan sa dalawang lupon sa sayaw ng mandirigma. Sa bandang dulo ng video, ang ilang kalalakihan na Ayta ay nilapitan, sabi nila marunong rin daw sila ng sayaw na *hiphop*. Tinanong nila ang manonood: “Gusto nyo ba magsuot kami ng bahag?”

[Walang naimbitahang kinatawan ng Zoo-manity group sa forum upang magbahagi ng kanilang panig subalit may ilang dagdag kaalaman na maibabahagi mula sa tesis ni Bb. Himala: ang mga Ayta sa nasabing lugar ay halos lahat empleyado at isa sa kanilang mga gawain ay ang pagtatanghal ng mga hayop (*animal show*) bilang bahagi ng Zoobic Safari. Nagsimula daw ang pagsasayaw ng mga Ayta dahil napansin nila na mahilig magpakuha ng litrato ang mga turista kasama ang mga Ayta. Ang koreograpiya ay binuo ng mga Ayta mismo bagamat may mga mungkahi galing sa *management* o tagapamahala ng resort tungo sa pagiging mas nakakaaliw o ‘*entertaining’* ng palabas. Natutuwa naman sa pagiging bida ang mga Ayta. Ang isa pa daw uri ng pagtatanghal na isinasagawa ng mga Ayta sa Zoobic ay ang pagsayaw ng ‘*poi firebreathing dance’* gamit ang apoy, isang sayaw ng mga katutubong taga-New Zealand.]

Si G. Bayani Sumaoang ay nagsalita bilang isang Ayta Mag-antsi ng Capas, Tarlac, at bilang isang Commissioner sa National Commission for Indigenous Peoples (NCIP). Ang kanyang katanungan sa napanood na palabas ay: May basbas ba ito ng mga matatanda? May tanong rin siya tungkol sa di nya makilala bilang Ayta na *headdress* sa ulo at kasuotan na makulay. Sinalaysay niya na kapag may okasyon, mayroon silang sayaw para sa pagpapatuloy o ‘welcome’ ng mga bisita. Ipinakita ito ng isa niyang kasama na sumayaw bilang bahagi na rin ng programa.

Sumunod na pinag-usapan ang kaso ng mga Ayta sa Porac, Pampanga kung saan mayroon na silang titulo sa kanilang Ancestral Domain, at pinahintulutan nila ang pagpapatayo ng isang Koreanong resort kung saan empleyado ang mga Ayta. Ayon sa kanila, sa katagalan ay marami daw silang natutunan katulad na lamang ng pakikisalamuha sa mga bisita. Binahagi ni G. Roman King, Chairman ng Porac Ancestral Domain Inc., na nalungkot siya sa napanood na video at nais itong iprotesta dahil ayon sa kaniya ay "hindi ganito ang aming kultura". Ang katanungan niya ay: Mayroon bang FPIC (*Free Prior and Informed Consent*) ang Zoobic? Binahagi niya na sa kaso ng kanilang ancestral domain, may MOA [*Memorandum of Understanding*] sila sa mga Koreano.

Bilang kanyang reaksyon o tugon, si Prop. Evangeline Ortiz, dating Dekana ng Asian Institute of Tourism, ay nagsabi na ang turismo ay dalawang bagay: '*blessing'* o '*curse'*. Sa isang panig, mas mabuti na rin ang pagdating ng turismo kaysa ibang industriya tulad ng mining. Subalit sa kabilang banda, ang representasyon ng mga Ayta na pinalabas sa video ay isang '*horror story'*. Idiniin niya na ang nararapat na patakaran ay manatili ang kontrol ng mga IP tungkol sa uri ng *development* na nais patunguhan ng kanilang lipunan. Bilang isang mahalagang '*rule of thumb'* hindi dapat gawing palabas para sa mga turista ang mga sagradong ritwal. Sa kaso ng Zoobic, kung ang mga kabataan ang nakikipag-'*deal*', ang mga nakatatanda sa sariling lipunan ang silang kailangang umaksyon.

Ang reaksyon ni Prop. Monica Santos ng Departamento ng Antropolohiya at ng kanyang mga mag-aaral na nakapanood rin sa video ay ipinaabot niya, at pangunahin sa kanilang naramdaman ay kalituhan. Aniya: bilang repleksyon maiging itanong sa sarili kung 'saan ba galing ang perspektiba ko'? Bilang 'outsider' nais ko ba na manatiling "*pure*" ang isang grupo at hindi ito maaaring magbago?

Ayon sa kanyang pag-susuri ang isyu unang una ay tungkol sa <u>representasyon</u>: Sino ba ang gumagawa nito? Ano ang kanilang motibasyon? (tila masaya naman ang mga sumasayaw na Ayta). Hanggang saan ang saklaw ng kanilang pagkilos? [*What are the limits of their agency?*]; Halimbawa, saan hinugot ang konsepto ng 'reyna' sa pagtatanghal (dahil ayon sa lahat ng pag-aaral, *egalitarian* ang lipunan ng mga Ayta, at walang hierarkia)? Saan nagmula ang mga kulay at disenyo ng costume tulad ng headdress? Ano ang konteksto ng naratibo ng sayaw para sa mga turista na sandali lang tatagal sa lugar? May benepisyo bang makukuha dyan? (para sa

kabataan, para sa lipunan ng mga Ayta). Ano ba ang nais nilang representasyon sa sarili nila?

Pangalawa ang isyu ng partisipasyon: Paano ang pakikisali o partisipasyon ng mga Ayta sa *mainstream* na lipunan? (isyu ng '*inclusiveness'* sa gobyerno, at sa industriya)

Sa Malayang Talakayan nagtanong si G. Ramon Santos [*National Artist*] tungkol sa mga instrumentong gamit ng mga Ayta. (Ang sagot ay gitara na sariling gawa sa kahoy, na tinatawag na *lapinding.*) Ang mga tanong ng mga mag-aaral: Hanggang saan ba dapat ang pagpapakita ng kultura (halimbawa tam aba ang pagpapakita ng pagkatay ng hayop sa mga ritwal)? Paano naman ang mga propesyonal na *dance company* na nagtatanghal ng mga sayaw ng mga katutubo? Sino ang maaring magturo ng IP music sa bagong curriculum ng DepEd. Ok lang ba ang mag-papicture kasama ng katutubo na nakacostume? Ok ba na magsuot ng costume at magpa-picture?

Pinahayag ni G. King ang pagkakaroon ng tensyon tungkol sa mga ganitong kaganapan sa kanilang sapagkat ang kahalagahan ng pagtatanghal para sa mga gumaganap nito ay "dyan kami kumikita". Isa pa hindi sila lahat nakakaintindi ng Tagalog. Ibinahagi niya ang ilang detalye ng kanilang kultura tulad ng paggamit ng puti, itim o pulang manok para sa pagritwal at na si 'Apo Namalyari' para sa kanila ay siyang tagapaglikha subalit hindi katumbas ng 'Diyos'. Ikinuwento rin niya na nagbago ang pananaw nila sa pagsuot ng bahag. Dati ito ay pang-araw-araw na kasuotan subalit ngayon ginagamit lamang "kung kailangan". Hindi raw maaring pagtawanan ang nakabahag at may parusa itong multa na kalabaw. Ngayon kapag may usapin ng Tribal Justice, bilang mga lider at husgado ay nararapat na magsuot sila ng bahag. Idiniin niya na hindi nila 'pinagdadamot ang kanilang kultura', dapat lamang na 'ilagay sa legal na sistema'—may '*consent'* o paalam—at ayaw rin nila na 'pangit' ang paglalarawan sa kanila.

Ayon kay Dekana Ortiz, hindi talaga dapat asahan na '*authentic'* ang anomang pagtatanghal (maging sayaw, kasuotan, sining, arkitektura, atbp.) kung isinasagawa ito para sa manunuod na turista, di tulad ng pagtatanghal para sa kapwa sa pamayanan. Kung sayaw halimbawa, madalas pinaiksi na ito. Kung pananamit, pinapagara ito para sa entablado. Ang pagtatanghal ng 'sariling kultura' para sa iba ay hindi naman makakamenos sa kultura na ito, "*just don't violate the sacred*". Ang tanong ay kung hanggang saan maaaaring baguhin ang kinagisnan upang maibenta/ipagpalit sa pera na ibabayad ng manunuod, o i-*commoditize*? Samantalang, sa pamamagitan ng

mga bagong teknolohiya ng social media, lumalawak ang partisipasyon ng mga katutubo.

Pinansin ni Prop. Santos na anuman ang ipalabas, ang manunuod ay may sariling konteksto at may limitasyon sa magagawang pagkontrol sa kung ano ang iuuwi nila mula sa panunuod.

Idinagdag ni Prop. Racelis na sa pagtatanghal para sa mga turista, mga kabataan na magaganda at makisig lamang ang nagpapalabas, subalit sa pagtatanghal sa sariling lipunan, lahat, bata at matanda, ay kasali.

Sa kabuuan, ang mga isyu sa pagtatanghal ng 'katutubong kultura' ay walang madali o simpleng tugon. Apektado rin ng ganitong mga isyu ang mga Manobo at iba pang mga 'katutubo' sa Pilipinas, hindi lamang ang mga Ayta. Dapat isaisip ang pagbabago na nililikha sa sariling representasyon, bagamat ang pagkakaroon ng kita at kabuhayan naman ang maaring nakasalalay.

- *Paglalagom ni Maria Mangahas.*

---

**Pagkilala at pasasalamat**

Malaking tulong sa pagbuo ng talakayang 'Tanghal Ayta?' sina Mary Racelis, Cynthia Zayas at Eulalio Guieb III. Ang *Beyer Talks* ay isang buwanang serye sa Museong H. Otley Beyer ng Antropolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, na tumatalakay sa mga kasalukuyang isyu bilang antropolohikal na usapin.

## Mga Sanggunian

Himala, Anna Camille Cordero. (2012). "[Zoo]ming in: Representation and Resistance. An Analysis of the Representation of Aetas in Zoobic Safari and Buhay Ayta." BA Broadcast Communication thesis, University of the Philippines, Diliman. [http://iskwiki.upd.edu.ph/images/9/95/ZOOming_In-_Representation_and_Resistance.pdf]

Pampanga talents. (2013). Aetas ethnic dances in Subic Bay. *youtube.com.* Published on August 19, 2013. [https://www.youtube.com/watch?v=86ubRlfdbyE].